SJIF Impact Factor 2021: 8.013| ISI I.F.Value:1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 6 | Issue: 7 | July 2021 - Peer Reviewed Journal

# SALITANG LUCBANIN: BASEHAN SA PAGBUO NG GLOSARYO

**Maria Edelyn M. Palle**
*Teacher I, Department of Education, Castañas National High School, Sariaya, Quezon, Philippines*

**Article DOI:** https://doi.org/10.36713/epra7750
**DOI No: 10.36713/epra7750**

**ABSTRAK**

*Ang pananaliksik na ito ay pinamagatang* ***"Salitang Lucbanin: Basehan sa Pagbuo ng Glosaryo"*** *na naglayong alamin ang demograpikong profayl ng mga tagatugon batay sa edad, kasarian, estadong sibil at tagal ng paninirahan, lawak ng kaalaman batay sa kamalayan, kalinawan ng kahulugan at lebel ng pag-unawa gayundin ang makabuluhang kaugnayan ng dalawa sa lawak ng kaalaman sa salitang Lucbanin.*

*Sa pagpili ng mga tagatugon ay ginamitan ito ng "Simple Random Sampling" at ginamitan ng istatistikal na pamamaraang frequency, percentage, weighted mean, standard deviation at r-value ang lahat ng nakalap na datos.*

*Ang mga tagatugon ay may kabuuang isandaan, nakahihigit ang edad labingwalo hanggang dalawampu't pito, lalaki, walang asawa at dalawampu't isa hanggang tatlumpung taon na ang tagal ng paninirahan sa Lucban, Quezon. Lumabas din sa pananaliksik na lubos ang kamalayan ng mga tagatugon sa salitang Lucbanin dahil sa pahayag na "Naririnig ko ang salitang Lucbanin sa mga tao sa paligid ko kung kaya't nalalaman ko ito." Sa kalinawan ng kahulugan ay lubos din ang pagsang-ayon ng mga tagatugon dahil sa pahayag na "kaya nilang makipag-usap sa tao gamit ang salitang Lucbanin dahil malinaw sa kanila ang kahulugan nito." Gayundin sa lebel ng pag-unawa na lubos din ang pagsang-ayon sa pahayag na "nauunawaan nila ang salitang Lucbanin dahil sa mga taong kasama sa tahanan at naiintindihan ang salitang Lucbanin dahil sa nakakasalamuha sa araw-araw, bata man o matanda, lalaki man o babae." Sa resulta ng maikling pagsusulit, lumabas sa pananaliksik na ito na ang puntos na sampu hanggang labindalawa ay nakakuha ng pinakamataas na bilang na limampung kabuuang tumugon at may literal na paliwanag na Mahusay.*

*Para sa konklusyon ng pananaliksik ay ipinakikita nito na ang walang bisang palagay na "Walang makabuluhang kaugnayan ng demograpikong profayl ng mga tagatugon sa lawak ng kaalaman sa salitang Lucbanin" ay huwag tanggapin, ipinakikita nito na "may makabuluhang" kaugnayan sa pagitan nila.*

*Inirerekomenda ng mananaliksik na magsagawa pa ng susunod na pag-aaral pagkalipas ng limang taon at maaaring pumili ng ibang lugar sa Quezon na maaaring maging lugar ng pananaliksik.*

**TALASALITAAN:** *Demograpikong Profayl, Glosaryo, Kamalayan, Kalinawan ng Kahulugan, Lebel ng Pag-unawa at Salitang Lucbanin.*

## PANIMULA

Ang wika ay buhay, nagbabago at nadaragdagan. Ayon kay Henry Gleason, ang wika ay isang sistematikong balangkas ng mga sinasalitang tunog na pinipili at isinasaayos sa paraang arbitraryo upang magamit ng mga taong may iisang kultura. Ang wika ay pagpapahayag ng ideya sa pamamagitan ng mga pinagsama-samang tunog upang maging salita. Ito ay ayon naman kay Henry Sweet na isang *philologist, phonetician at grammarian.*

SJIF Impact Factor 2021: 8.013| ISI I.F.Value:1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 6 | Issue: 7 | July 2021 - Peer Reviewed Journal

Bagamat makapangyarihan ang wika, nakasalalay rin sa tao ang kapalaran nito, sapagkat ang wika ay parang tubig. Ang hugis ng tubig ay kung ano ang hugis ng sisidlan (San Juan, 2012), mula sa pananaliksik ni Espejo (2017). Ibig sabihin, ang wika ay nakadepende sa mga taong gagamit nito kung ito ba ay mananatili o maglalaho. Kung kaya't ang wika ay mahalagang gamitin at pagyabungin ng mga taong naninirahan sa ispesipikong lugar. Ginagamit din ang wika upang maipahayag ang nais sabihin ng kaisipan ng mga taong naninirahan sa isang pamayanan. Sa pamamagitan ng pagsasalita at pagsulat, napaaabot nila ang kanilang kaisipan at damdamin. Isa rin itong likas na makataong pamamaraan ng paghahatid ng mga kaisipan, damdamin at mga hangarin sa pamamagitan ng isang kaparaanang lumilikha ng tunog; at kabuuan din ito ng mga sagisag sa paraang binibigkas. Sa pamamagitan nito, nagkakaugnayan, nagkakaunawaan at nagkakaisa ang mga kaanib ng isang pulutong ng mga tao. Gayundin sa pamamagitan ng wika, nagagamit itong instrumento hindi lamang sa pagkakaunawaan ng mga mamamayan kung 'di pati na rin sa pagkakaisa ng isang bansa. Kasabay ng patuloy na pag-inog ng mundo ay ang pagbabago at pagdaragdag ng iba't ibang salita na ginagamit sa araw-araw sa kahit saan mang bahagi ng Pilipinas.

Isa sa mga paraan kung paano isasapuso ang pagiging Pilipino ay ang simpleng paggamit ng wikang Filipino sapagkat dito mahahasa ang pagsasalita at pag-unawa sa ating sariling wika. Sa pang-araw-araw na mga termino, ang isang wika *(eg Ingles)* ay maaaring magkaroon ng isang bilang ng mga dayalekto *(hal. Yorkshire, Brooklyn)*, kung saan ang mga salita / pagbigkas / *grammar* ay maaaring magkakaiba. Maaari rin itong magkaroon ng isang bilang ng mga *accent* (mga paraan ng pagbigkas ng mga salita). Ang mga taong nagsasalita ng parehong wika ngunit ang iba't ibang mga *accent* ay karaniwang maituturing na maiintindihan ang bawat isa.

Bawat lugar sa Katagalugan ay mayroong kanya-kanyang salita. Ang Cavite, Batangas, Laguna, Rizal, Aurora, Marinduque, Occidental Mindoro, Oriental Mindoro, Palawan, Romblon at iba pa ay ilan lamang sa mga lugar sa Katagalugan na may kanya-kanyang salita. Dahil sa pagkakaroon ng kanya-kanyang salita ay nagkakaroon ng pagkakaiba-iba ng pagkakakilanlan ang bawat lugar.

Isa sa mga lugar sa Katagalugan ay ang Lucban na nasa probinsya ng Quezon Rehiyon IV-A CALABARZON na binubuo ng 32 barangay. Ayon sa 2015 sensus ay 51, 475 ang taong naninirahan dito. Sa kabila ng dami ng tao rito ay nagkakaroon pa rin ng pagkakaisa sapagkat nagkakaunawaan ang nakararami sa paggamit ng iisang salita lamang. Dahil sa pagkakaroon ng iisang salitang ginagamit ay mahalagang magkaroon ito ng kalipunan na magsisilbing pagkakakilanlan ng isang lugar kung kaya't napili ng mananaliksik ang pag-aaral na ito upang bumuo ng glosaryo para sa kalipunan ng mga salitang Lucbanin. Ang kalipunang ito ay dadalhin ng mananaliksik sa lugar kung saan siya nag-aaral para sa kaalaman at pag-unawa ng mga taong naninirahan dito.

Ang glosaryo sa bahaging ito ay makikita ang mga salitang ginagamit sa Lucban, Quezon at ang kahulugan nito gayundin ang pagbabaybay at larawan ng bawat salita upang lubos itong maunawaan. Ang pagkaayos nito ay nakaalpabeto.

## PAGLALAHAD NG SULIRANIN

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong alamin ang mga salitang Lucbanin upang makabuo ng glosaryo. Nilayon nito na masagot ang mga sumusunod na tiyak na suliranin:

1. Ano ang demograpikong profayl ng ilang mga tubong Lucbanin na magsisilbing tagatugon sa pananaliksik na ito sa pamamagitan ng mga sumusunod:
   1.1 edad;
   1.2 kasarian;
   1.3 estadong sibil; at
   1.4 tagal ng paninirahan?
2. Ano ang lawak ng kaalaman ng mga tagatugon sa salitang Lucbanin batay sa:
   2.1 Kamalayan;
   2.2 Kalinawan ng Kahulugan; at
   2.3 Lebel ng Pag-unawa?
3. May makabuluhang kaugnayan ba ang demograpikong profayl ng mga tagatugon sa lawak ng kaalaman sa salitang Lucbanin?

## METODOLOHIYA NG PANANALIKSIK

### Disenyo ng Pananaliksik

Sang-ayon kay Mertler (2014), mula sa *Sage Publications*, ang deskriptibong pananaliksik ay may layuning magpaliwanag at mag-interpreta ng mga pangyayari sa kasalukuyang sitwasyon samantalang ayon naman sa pananaliksik ni Riddell (2018), na pinamagatang *The Dignity For All Students Act: A Quantitative Study Of One Upstate New York Public School Implementation*____ang kwantitatibong pananaliksik ay ginagamit upang pag-aralan ang relasyon ng bawat baryabol sa pamamagitan ng istatistikal na pagsusuri. (Grand Canyon University [GCU], n.d.; Patten, 2014), kung kaya't ang mananaliksik ay gumamit ng deskriptibong-

SJIF Impact Factor 2021: 8.013| ISI I.F.Value:1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 6 | Issue: 7 | July 2021 - Peer Reviewed Journal

kwantitatibong pamamaraan ng pananaliksik upang malaman ang mga salitang Lucbanin batay sa kamalayan, kalinawan ng kahulugan at lebel ng pag-unawa. Ang tatlong ito ay naglalaman ng sampung katanungan na sinagot ng mga tagatugon mula sa Lucban, Quezon. Matapos ang pagsasagot ng mga tagatugon ay bumuo nang glosaryo ng salitang Lucbanin ang mananaliksik bilang awtput.

**Istatistikal na Pamamaraan**

Matapos makalap ang mga datos, gumamit ang mananaliksik ng *frequency* at *percentage* para sa unang bahagi ng talatanungan na demograpikong profayl. Upang masuri naman ang ikalawang bahagi sa kamalayan, kalinawan ng kahulugan at lebel ng pag-unawa, ang mananaliksik ay gumamit ng pormulang *weighted mean* at *standard deviation.*

Gumamit din ang mananaliksik ng *frequency*, *percentage*, *weighted mean* at *standard deviation* para sa ikatlong bahagi ng talatanungang naglalaman ng (15) labinlimang katanungan tungkol sa salitang Lucbanin.

Samantala, ginamitan naman ng *r-value* ang makabuluhang kaugnayan ng demograpikong profayl ng mga tagatugon sa lawak ng kaalaman sa salitang Lucbanin.

**Paglalagom**

Nilayon ng pananaliksik na ito na masagot ang mga suliranin tungkol sa demograpikong profayl ng mga tagatugon batay sa edad, kasarian, estadong sibil at tagal ng paninirahan, lawak ng kaalaman sa salitang Lucbanin batay sa kamalayan, kalinawan ng kahulugan at lebel ng pag-unawa at matukoy ang makabuluhang pagkakaugnay ng demograpikong profayl sa lawak ng kaalaman sa salitang Lucbanin.

Ang pananaliksik na ito ay ginamitan ng deskriptibong-kwantitatibong pamamaraan ng mananaliksik upang malaman ang mga salitang Lucbanin at matukoy ang lawak ng kaalaman batay sa kamalayan, kalinawan ng kahulugan at lebel ng pag-unawa. Ginamitan ito ng talatanungan bilang instrumento sa pangangalap ng datos kung saan ay may tatlo itong bahagi. Una ay ang demograpikong profayl ng mga tagatugon batay sa edad, kasarian, estadong sibil at tagal ng paninirahan. Pangalawa ay ang kamalayan, kalinawan ng kahulugan at lebel ng pag-unawa na may sampung pahayag na sasagutin ng mga tagatugon mula sa Lucban, Quezon. Ang ikatlong bahagi naman ay ang performans ng mga tagatugon sa salitang Lucbanin na naglalaman ng labinlimang katanungan. Ang mga tagatugon ay binubuo ng isandaan. Ang mga nakalap na datos ay itinala, sinuri, inalisa at ginamitan ng istatistikal na pamamaraang *frequency, percentage, mean, standard deviation at r-value.*

Ang mga resulta ng isinagawang pananaliksik na kaugnay ng demograpikong profayl ng mga tagatugon ay napag-alaman na sa isandaang tagatugon, mas maraming bilang na *animnapu't apat* ang edad na *labingwalo hanggang dalawampu't pito.* Kung saan may bilang na *limampu't tatlo* ang lalaki at *apatnapu't pito* ang babae.

Samantalang sa estadong sibil na *"Walang Asawa"* ay nakakuha ng pinakamaraming bilang na *pitumpung* kabuuang tagatugon. Sa tagal naman ng paninirahan sa Lucban, Quezon ang *dalawampu't isa hanggang tatlumpung taon* ay nakakuha ng pinakamaraming bilang na *animnapu't isang* kabuuang tagatugon.

Pagdating naman sa lawak ng kaalaman ng mga tagatugon sa salitang Lucbanin batay sa Kamalayan sa *lubhang mataas*, sa pananaw ng mga tagatugon, *naririnig nila ang salitang Lucbanin sa mga tao sa paligid kung kaya't nalalaman nila ito*.

Kung titingnan naman ang kalinawan ng kahulugan, sa *lubhang mataas*, sa pananaw ng mga tagatugon, *kaya nilang makipag-usap sa tao gamit ang salitang Lucbanin dahil malinaw sa kanila ang kahulugan nito*.

Ang panghuli sa lawak ng kaalaman sa salitang Lucbanin ay ang lebel ng pag-unawa sa *lubhang mataas*, sa pananaw ng mga tagatugon, *nauunawaan nila ang salitang Lucbanin dahil sa mga taong kasama sa tahanan at naiintindihan ang salitang Lucbanin dahil sa nakakasalamuha sa araw-araw, bata man o matanda, lalaki man o babae*.

Sa naging resulta ng pagsusulit ng mga tagatugon na may katanungang naglalaman ng labinlima sa kabuuang isandaang tagatugon, ang marka na *sampu hanggang labindalawa* ay nakakuha ng pinakamataas na bilang na limampung kabuuang tumugon at may literal na paliwanag na *Mahusay.*

Ang makabuluhang kaugnayan ng demograpikong profayl ng mga tagatugon sa lawak ng kaalaman sa salitang Lucbanin ay pinapakita na para sa Edad, para sa *kamalayan*, para sa *kalinawan ng kahulugan* at para sa *lebel ng pag-unawa* ay may napakababa hanggang mababang pagkakaugnay at mayroong suportang tinuos na p-value at ang pagsusuri ay makabuluhan.

Para sa Kasarian, para sa *kamalayan,* para sa *kalinawan ng kahulugan* at para sa *lebel ng pag-unawa* ay may mababang pagkakaugnay at mayroong suportang tinuos na p-value at ang pagsusuri ay makabuluhan.

SJIF Impact Factor 2021: 8.013| ISI I.F.Value:1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
**EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)**
Volume: 6 | Issue: 7 | July 2021 - Peer Reviewed Journal

Sa Estadong Sibil, para sa *kamalayan*, para sa *kalinawan ng kahulugan* at para sa *lebel ng pag-unawa* ay may napakababa hanggang mababang pagkakaugnay at mayroong suportang tinuos na p-value at ang pagsusuri ay makabuluhan.

Habang sa Kasarian, para sa *kamalayan*, para sa *kalinawan ng kahulugan* at para sa *lebel ng pag-unawa* ay may mababang pagkakaugnay at mayroong suportang tinuos na p-value at ang pagsusuri ay makabuluhan.

Base sa datos na nakalap, ipinapakita nito na "may makabuluhang kaugnayan ng demograpikong profayl ng mga tagatugon sa lawak ng kaalaman sa salitang Lucbanin" at ipinakikita rin nito na ang walang bisang palagay na "*Walang makabuluhang kaugnayan ng demograpikong profayl ng mga tagatugon sa lawak ng kaalaman sa salitang Lucbanin*" ay huwag tanggapin, ipinapakita nito na "may makabuluhang" kaugnayan sa pagitan nila.

**Rekomendasyon**


Sa ginawang pananaliksik ay nabuo ang mga sumusunod na rekomendasyon kaugnay ng paglalagom at konklusyon.

1. Palawakin pa ang talatanungan at maaaring dagdagan ang maikling pagsusulit na may bilang na 20 hanggang 30 katanungan.
2. Dagdagan ang mga salita sa glosaryo at maaaring gawing limandaan (500) o higit pa ang mga salitang Lucbanin.
3. Maaaring maglagay ng halimbawa sa bawat salita upang lubos itong maunawaan ng sinumang babasa.
4. Magsagawa pa ng susunod na pag-aaral pagkalipas ng limang taon at maaaring pumili ng ibang lugar sa Quezon o sa iba pa na maaaring maging lugar ng pananaliksik.

**Konklusyon**


Base sa datos na nakalap, ipinakikita nito na "may makabuluhang kaugnayan ang demograpikong profayl ng mga tagatugon sa lawak ng kaalaman sa salitang Lucbanin" at ang antas ng kabuluhan ay ipinakikita rin na ang walang bisang palagay na "*Walang makabuluhang kaugnayan ng demograpikong profayl ng mga tagatugon sa lawak ng kaalaman sa salitang Lucbanin*" ay huwag tanggapin, ipinapakita nito na "may makabuluhang" kaugnayan sa pagitan nila.

**Pigura 1. Demograpikong Profayl ng mga Tubong Lucbanin sang-ayon sa Edad**




SJIF Impact Factor 2021: 8.013| ISI I.F.Value:1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 6 | Issue: 7 | July 2021 - Peer Reviewed Journal

**Pigura 2. Demograpikong Profayl ng mga Tubong Lucbanin sang-ayon sa Kasarian**





**Pigura 3. Demograpikong Profayl ng mga Tubong Lucbanin sang-ayon sa Estadong Sibil**



SJIF Impact Factor 2021: 8.013| ISI I.F.Value:1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 6 | Issue: 7 | July 2021 - Peer Reviewed Journal

**Pigura 4. Demograpikong Profayl ng mga Tubong Lucbanin sang-ayon sa Tagal ng Paninirahan**




**Talahanayan 1. Lawak ng Kaalaman ng mga Tagatugon sa Salitang Lucbanin batay sa Kamalayan**

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *1. Nalalaman ko ang lahat ng salitang Lucbanin dahil sa tagal kong naninirahan dito.* | 4.42 | 0.62 | Lubos na Sumasang-ayon |
| *2. May kamalayan ako sa salitang Lucbanin dahil sa aking magulang na dito na nanirahan.* | 4.47 | 0.78 | Lubos na Sumasang-ayon |
| *3. May kamalayan ako sa salitang Lucbanin dahil naririnig ko ito sa aking guro.* | 4.24 | 0.83 | Lubos na Sumasang-ayon |
| *4. Naririnig ko ang salitang Lucbanin sa mga tao sa paligid ko kung kaya't nalalaman ko ito.* | 4.56 | 0.59 | Lubos na Sumasang-ayon |
| *5. Nababasa ko sa internet ang salitang Lucbanin kung kaya't may kamalayan ako rito.* | 3.77 | 0.93 | Higit na Karaniwang Sumasang-ayon |
| *6. Nababatid ko ang mga salitang Lucbanin dahil sa aking kasama sa tahanan.* | 4.48 | 0.64 | Lubos na Sumasang-ayon |
| *7. May kamalayan ako sa salitang Lucbanin dahil sa iba't ibang edad ng mga taong nakakausap at nakakasalamuha ko sa araw-araw.* | 4.48 | 0.66 | Lubos na Sumasang-ayon |
| *8. Natutunan ko ang salitang Lucbanin mula noon hanggang ngayon kahit ako ay nakapag-asawa na o hindi pa.* | 4.45 | 0.70 | Lubos na Sumasang-ayon |
| *9. May kamalayan ako sa salitang Lucbanin dahil dito ako nag-aral mula elementarya hanggang sa kasalukuyan o nakapagtapos ng pag-aaral.* | 4.41 | 0.87 | Lubos na Sumasang-ayon |
| *10. Naririnig ko ang salitang Lucbanin sa mga kaibigan ko kung kaya't may kamalayan ako sa mga salitang ito.* | 4.36 | 0.73 | Lubos na Sumasang-ayon |
| **Overall Mean:** ***4.36*** <br> **Standard Deviation:** ***0.771*** <br> **Literal na paliwanag:** ***Lubhang Mataas*** | | | |

SJIF Impact Factor 2021: 8.013| ISI I.F.Value:1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 6 | Issue: 7 | July 2021 - Peer Reviewed Journal

**Talahanayan 2. Lawak ng Kaalaman ng mga tagatugon sa salitang Lucbanin batay sa Kalinawan ng Kahulugan**

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *1. Malinaw sa akin ang lahat ng kahulugan ng salitang Lucbanin.* | 4.27 | 0.71 | Lubos na Sumasang-ayon |
| *2. Kaya kong makipag-usap sa tao gamit ang salitang Lucbanin dahil malinaw sa akin ang kahulugan nito.* | 4.44 | 0.61 | Lubos na Sumasang-ayon |
| *3. Hindi ako nalilito sa kahulugan at pagbigkas ng salitang Lucbanin dahil malinaw sa akin ang bawat salita.* | 4.34 | 0.68 | Lubos na Sumasang-ayon |
| *4. Hindi ako nahihirapang makisalamuha sa mga tao sa aking paligid gamit ang salitang Lucbanin dahil malinaw sa akin ang kahulugan nito.* | 4.34 | 0.68 | Lubos na Sumasang-ayon |
| *5. Nakatutugon ako nang maayos sa bata man o matanda gamit ang salitang Lucbanin dahil malinaw sa akin ang bawat salita.* | 4.34 | 0.68 | Lubos na Sumasang-ayon |
| *6. Malinaw sa akin ang kahulugan ng mga salitang Lucbanin dahil sa aking mga kasama sa tahanan.* | 4.43 | 0.69 | Lubos na Sumasang-ayon |
| *7. Nakapagpapadala ako ng mensahe sa messenger gamit ang salitang Lucbanin dahil nalalaman ko ang kahulugan ng salitang ginagamit ko.* | 4.30 | 0.76 | Lubos na Sumasang-ayon |
| *8. Mabilis kong maintindihan ang sinasabi ng aking kausap dahil malinaw ang bawat kahulugan ng salitang Lucbanin sa akin.* | 4.34 | 0.67 | Lubos na Sumasang-ayon |
| *9. May kalinawan sa akin ang kahulugan ng bawat salitang Lucbanin dahil sa tagal kong naninirahan dito.* | 4.37 | 0.66 | Lubos na Sumasang-ayon |
| *10. Malinaw sa akin ang kahulugan ng salitang Lucbanin mula noon hanggang ngayon kahit ako ay nakapag-asawa na o hindi pa.* | 4.39 | 0.65 | Lubos na Sumasang-ayon |
| **Overall Mean:** ***4.36***<br>**Standard Deviation:** ***0.684***<br>**Literal na paliwanag:** ***Lubhang Mataas*** | | | |

**Talahanayan 3. Lawak ng Kaalaman ng mga tagatugon sa salitang Lucbanin batay sa Lebel ng Pag-unawa**

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *1. Nauunawaan ko ang lahat ng salitang Lucbanin.* | 4.21 | 0.66 | Lubos na Sumasang-ayon |
| *2. Naiintindihan ko ang bawat bigkas ng salitang Lucbanin.* | 4.35 | 0.63 | Lubos na Sumasang-ayon |
| *3. Kaya kong gamitin sa pangungusap ang salitang Lucbanin dahil nauunawaan ko ito.* | 4.36 | 0.66 | Lubos na Sumasang-ayon |
| *4. Nakikipag-usap ako gamit ang salitang Lucbanin dahil mataas ang lebel ng aking pag-unawa tungkol dito.* | 4.35 | 0.63 | Lubos na Sumasang-ayon |
| *5. Nagagamit ko ang salitang Lucbanin sa pagpapadala ng mensahe gamit ang messenger dahil nauunawaan ko ang salitang ito.* | 4.22 | 0.77 | Lubos na Sumasang-ayon |
| *6. Nagagamit ko sa maayos na pakikipagdiskusyon ang salitang Lucbanin, pormal man o 'di pormal dahil nauunawaan ko ito.* | 4.36 | 0.70 | Lubos na Sumasang-ayon |
| *7. Naiintindihan ko ang salitang Lucbanin dahil sa* | 4.40 | 0.62 | Lubos na Sumasang-ayon |

SJIF Impact Factor 2021: 8.013| ISI I.F.Value:1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
**EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)**
Volume: 6 | Issue: 7 | July 2021 - Peer Reviewed Journal

| | | | |
|---|---|---|---|
| *tagal kong naninirahan dito.* | | | |
| *8. Nauunawaan ko ang salitang Lucbanin dahil sa mga taong kasama ko sa tahanan.* | 4.43 | 0.62 | Lubos na Sumasang-ayon |
| *9. Nakauunawa ako ng salitang Lucbanin mula noon hanggang ngayon kahit ako ay nakapag-asawa na o hindi pa.* | 4.34 | 0.64 | Lubos na Sumasang-ayon |
| *10. Naiintindihan ko ang salitang Lucbanin dahil sa nakakasalamuha ko sa araw-araw, bata man o matanda, lalaki man o babae.* | 4.43 | 0.56 | Lubos na Sumasang-ayon |
| **Overall Mean:** ***4.35***<br>**Standard Deviation:** ***0.648***<br>**Literal na paliwanag:** ***Lubhang Mataas*** | | | |

**Talahanayan 4. Resulta ng Maikling Pagsusulit**

| Marka | Kabuoan | Bahagdan | Mapaglarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 15 | 4 | 4.00 | Pinakamahusay |
| 13 - 14 | 19 | 19.00 | Higit na Mahusay |
| 10 - 12 | 50 | 50.00 | Mahusay |
| 8 - 9 | 17 | 17.00 | Katamtamang Mahusay |
| 2 - 7 | 10 | 10.00 | Di-gaanong Mahusay |
| 1 | 0 | 0.00 | Di-lubhang Mahusay |
| 0 | 0 | 0.00 | Di-Mahusay |
| **Total** | **100** | **100** | Mahusay |
| **Weighted Mean** | ***10.69*** | | |
| **Pinakamababang Marka** | ***3*** | | |
| **Pinakamataas na Marka** | ***15*** | | |
| **Standard Deviation** | ***2.39*** | | |

**Talahanayan 5. Makabuluhang Kaugnayan ng Demograpikong Profayl ng mga tagatugon sa lawak ng kaalaman sa salitang Lucbanin**

| Profayl | Salitang Lucbanin | r-value | Katibayan ng Ugnayan | Analisis |
|---|---|---|---|---|
| Edad | Kamalayan | 0.2386 | Tiyak ngunit mababaw ang relasyon | Makabuluhan |
| | *Kalinawan ng Kahulugan* | 0.0904 | Halos walang relasyon | Makabuluhan |
| | *Lebel ng Pag-unawa* | 0.1449 | Halos walang relasyon | Makabuluhan |
| Kasarian | *Kamalayan* | 0.0845 | Halos walang relasyon | Makabuluhan |
| | *Kalinawan ng Kahulugan* | 0.1559 | Halos walang relasyon | Makabuluhan |
| | *Lebel ng Pag-unawa* | 0.1433 | Halos walang relasyon | Makabuluhan |
| Estadong Sibil | *Kamalayan* | 0.2558 | Tiyak ngunit mababaw ang relasyon | Makabuluhan |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | *Kalinawan ng Kahulugan* | 0.0905 | Halos walang relasyon | Makabuluhan |
| | *Lebel ng Pag-unawa* | 0.0851 | Halos walang relasyon | Makabuluhan |
| Tagal ng Paninirahan | *Kamalayan* | 0.1323 | Halos walang relasyon | Makabuluhan |
| | *Kalinawan ng Kahulugan* | 0.0471 | Halos walang relasyon | Makabuluhan |
| | *Lebel ng Pag-unawa* | 0.0378 | Halos walang relasyon | Makabuluhan |

## TALASANGGUNIAN

1. *Espejo, R. V. (2017), "Pagbubuo ng Panimulang Glosaryo ng Mga Salitang Pantabangan" Retrieved from https://psllf.files.wordpress.com/2018/07/r-v-espejo-kawing-1-2.pdf*
2. *Riddell. (2018), "The Dignity For All Students Act: A Quantitative Study Of One Upstate New York Public School Implementation," Retrieved from https://files.eric.ed.gov/fulltext/ED591309.pdf*
3. *Sage Publications (2016), "Quantitative Research Methods" Retrieved from https://us.sagepub.com/sites/default/files/upm-binaries/70019_Mertler_Chapter_7.pdf*
4. *San Juan, D. M. M. (2012), "Glosaryo ng mga Termino sa Panitikan," Taft Avenue Manila. Pamantasang Normal ng Pilipinas. Retrieved from https://clubmanila.files.wordpress.com/2016/04/mat-research-glosaryo-ng-mga-terminosa-panitikan.pdf*